Presidential Communications Operations Office
Presidential News Desk

TALK TO THE PEOPLE OF
PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE (PART II)
[01 March 2022]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: Next, I'd call on Secretary Año. Dapat mauna ka because we need to be more awake dito sa ano mo. Iyong iba papikit-pikit na lang kasi inaantok [laughter] kagaya kay itong kay Ruperto, eh superstar ka naman hindi kailangan at itong sa MMDA. Let's go national first dito kay Secretary Año.

DILG SECRETARY EDUARDO AÑO: Magandang gabi po, Mr. President, Executive Secretary Bingbong Medialdea, Senator Bong Go, fellow public servants, mga kababayan, magandang gabi po.

Bago ko po simulan 'yung ulat, kanina po ay nabanggit ni Secretary Mon Lopez 'yung naganap noong March 2020 na kung saan po ay nagsimula tayo ng ating lockdown. Sa panahon pong noon ay wala talaga tayong healthcare facilities at natatandaan ko mga 1,500 lang 'yung ating test kit at panahon po na 'yun talagang pumasok po 'yung tinatawag natin na surge and you made the decision, your decision, Mr. President, saved probably a hundred thousand lives. [applause] And, yes, other says 200,000 lives.

Pero 'yun po nakita natin na maganda po talaga 'yung ginawa nating pag-handle ng COVID-19 and ngayon po this is actually a matter of hours, one hour and three minutes, ay papasok na po tayo sa Alert Level 1. So talagang very historic po. And we can say po na we are prepared to implement Alert Level 1, the LGUs, the PNP, the law enforcers, the national government agencies, the MMDA, nakahanda po kaming i-implement ang Alert Level 1.

Sisimulan ko po ang aking ulat, Mr. President, dito po sa ipinamamahagi nating ayuda sa mga nasalanta ng Typhoon Odette. Base po sa inyong kautusan, makikita po natin na sa total na pong 4.85 billion na ipinamimigay, nakapag-distribute na ng 3.78 billion or 77.94 percent. Total po ng beneficiaries ay 2,525,440 persons or individuals. At makikita po natin na mataas ang distribution sa Region IV-B at sa Region XIII or CARAGA. Pero ang pinakamarami pong natanggap na ay ang Region VI. So patuloy po nating imo-monitor 'to at sisiguraduhin natin matanggap ng ating kababayan ang mga tulong at walang masasayang na pera o mapupunta sa ibang bulsa.

[Next slide, please.]

Sa atin pong patuloy na pagbaba ng kaso ay patuloy naman po ang pag-implement natin ng granular lockdown. Kahit po sa Alert Level 1, ang mga LGUs ay magsasagawa pa rin ng granular lockdown para sigurado na mache-check pa rin po natin kung sakaling magkaroon ng transmission sa isang lugar, sa bahay, kalsada, block o barangay, ay puwede pong ilagay sa granular lockdown. Sa buong bansa, 21 LGUs or 104 barangays ang nagsasagawa ng granular

lockdowns total of 187. Sa National Capital Region ay 16 na lamang, at naaapektuhan ay 215 households at 289 individuals.

[Next slide, please.]

Sa atin pong nakalap na ulat sa mga recorded violations sa community health protocols, nakikita rin po ang pagbaba sa mga violations. Sa hindi pagsusuot ng mask, bumaba ng 7.54 percent; sa mga mass gathering at no physical distancing ay bumaba rin po. Sa ating Alert Level 1 sa mga LGUs na mayroong Alert Level 1, dito na lang po tayo magfo-focus sa hindi pagsusuot ng mask at 'yung iba pong ulat katulad ng physical distancing ay allowed naman dahil sa Alert Level 1 ay 100 percent na po ang ating capacity.

[Next slide.]

At ang panghuling ulat ko po, Mr. President, 'yung ating update para sa ating mga anti-illegal drug operations kahit po mayroong pandemic. Makikita po na nakapagsagawa tayo ng 1,230 anti-illegal drug operations. Ito po ay nagresulta sa pagkakaaresto ng 1,658 individuals, 26 ang nag-surrender, at isa naman ang nasawi sa ating anti-illegal drug operations. At kung susumahin po natin ang mga nakumpiskang shabu, marijuana, ecstacy, at mogadon, umaabot sa 159,856,476 pesos.

So 'yun lamang po ang aking maiuulat, Mr. President. Magandang gabi po.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Año. Iyong just a short ito bang drugs, I hope that whoever would sit as president would continue the --- if not, the ferocity that I did and I accept it maski lang naman sana 'yung ano ka a little lower than my standard kasi talagang sisirain ang bayan nating ito. I'm so worried about the resurgence of drug problem.

It's very almost destroys your spirit kasi makita mo 'yung pinuputulan ng ulo tapos the recent one was 'yung ni-rape niya 'yung anak niya tapos ipinasok niya doon sa kanal doon sa likod ng bahay niya. There was this alarm. He was the one who issued the alarm of a missing daughter. Then it was found out that he raped the child, his daughter, killed her at tinago niya doon sa imburnal sa likod ng bahay niya.

Ito 'yung mga --- ito 'yung --- it simply drives me crazy. Itong mga ito na putulan 'yung ulo ng asawa mo and it is happening everyday. It has been there since the inception of the drug problem. Never mind about the ICC, wala akong pakialam diyan. It does not worry me a bit, you know. But itong sa drugs, I just hope that somebody maybe kung hindi 'yung talagang presidente would find the resolve to just continue with the drive against drug because I said it will destroy our country. It will really destroy our country.

At you know, lahat tayo mat --- we are getting old. As a matter of fact, we are about to make the exit na. Ang problema is the next generation. We have to protect the next generation because, if not, then they will have a serious problem in their hands. Kung ganito katindi ngayon ng pamamalakad nila --- I'm addressing the nation --- kung hindi mo sabayan ng katindi rin ng iyong resolve, eh matatalo talaga.

And I am not saying that I am an exception to ‘yung sa iba na ano. Maybe in the degree, we differ in the degree of --- ewan ko kung ano. I am not trying to pull my own chair but… Kasi noong una makikita mo three, four, five arrests. The reason why alam --- dapat malaman ninyo, the reason why was there was no really a true-blue, full-blooded program against the drug because the policemen there and the military were afraid to make a move kasi kakasuhan sila nang katutak eh.

Alam mo ‘yung isang pulis ha, I hope to... [Bingbong, kindly ano dito.] Alam mo may isang pulis mademanda, eh patrolman, mayroon siya diyan sa regional. Iyong iniimbestiga siya sa mother unit nila. Iimbestiga 'yan sila ng regional, ipapatawag pa NAPOLCOM, tapos ipapunta pa sa Ombudsman.

Kaya noon --- ako alam ko kasi mayor ako and I know what they had to undergo kaya talaga takot. Wala ng bigas dadating sa... Makalusot ka dito sa NAPOLCOM, tatawag ka na naman ng ibang opisina. Eh ilan ang...? Wala silang recourse because they cannot even afford a lawyer. Kaya sa aking panahon lang sa Davao na pagka-performance of the duty, fulfillment, tapos nasabit, talagang bina-backup-an ko.

Sabihin ko na sa bayan ngayon, 'pag ang pulis o military nasabit sa trabaho fulfilling his duty as a policeman or as a military man enforcing the laws especially against drugs, 'pag na-suspend 'yan, ako ang nagbabayad sa suweldo.

Tinatanong ko, "How much is your take- home pay?” "Sir, minus-minus sa lahat, sir, ito lang matanggap." "Okay." Tapos bigyan ko ng abugado, tapos lakarin. Lala --- nilala... Hindi ko sinasabi na sa NAPOLCOM na i-dismiss ninyo o hindi.

Sabihin ko, "Tignan ninyo 'yung ano..." Kasi 'pag 'yung demanda abuso, abusive cops, or magpabuto ng --- magpaputok ng baril kasi lasing o ano, ay talagang hindi lang --- hindi lang sa NAPOLCOM. Sa akin pa lang bugbog na 'yan sa totoo lang. Hindi ako matapang pero binubugbog ko. Alam ng pulis 'yan, bugbugin talaga kita.

Kaya iniiwas nila doon 'yung mag-abuso kasi sipa pati sampal ang maabot nila sa akin. Plus ngayon 'pag may... Pero 'yung... Itong... Paano mo… Ba’t bubugbugin 'yang nagtatrabaho? Kinakapotehan ko because I do not want, I said, for a policeman or a military man to go to prison for performing his duty. That is a stupid proposition to me.

Hindi talaga ako papayag. Kayong mga pulis sa panahon ko sa Davao nagtatrabaho. Hindi ‘yan sabihin ako 'yun. Sila 'yun nagtatrabaho kasi hindi sila takot. Ngayon 'yung ako na si --- sila Bato na, I gave the same ano. If you have to kill, it must be in the performance of duty, then what is that? That in fulfilling your duty, you are exposed to danger and you think that the idiot will fire at you, maunahan ka, uunahan mo na because I do not want to see a policeman dead. Mas mamura pa kita.

If you are a dying.... Sabihin ko sa'yo bakit ka nag...? Bakit ka nagduwag- duwagan? Eh ‘di unahan mo na 'pag nasa ano ka. Eh trabaho mo 'yan eh. Your trabaho is to kill criminals. Eh itong Europeans, ICC, that's an idiotic entity. Ngayon makita na nila si Ukraine, oh 'yan.

Iyong... Iyong... Iyon ‘yung ICC ninyo, p***** i**. Kaya 'yan ang ano, iyan ‘yan ang worry ko sa report ni Secretary Año. I am glad that he has been --- he continued with the program although not as I said ferocious when I was the one kasi ako 'yung mayor eh.

I will not admit anything but with the ferocity that I... Takot talaga pati 'yung dito. But mind you, I... Lahat ng big time --- lahat ng big time dito sa Pilipinas na sabi ninyo maliliit, you look, you read the newspapers of yesterday, lahat dito ng mga drug lords, mga mayors p***...

Well, I said I'm sorry that they were killed in a gun battle with the police but it serves them right. Sinabi ko sa pulis huwag kayong magpauna. So iyong pulis ko, raid nang raid, hindi natatakot na pumatay. Ang problema kasi noon, 'pag nakapatay ang pulis, diretso --- sabi ko do not do that.

Itong NAPOLCOM, bakit mo arestuhin? Find out first, investigate. Do not say na suspended ka. Alam mo 'pag suspended ang pulis, wala na. Wala ng pagkain 'yan. Kaya dinoble-doble ko 'yung suweldo. Once they are suspended, 'pag may nag-complain, patay ang pulis. Wala na 'yang pagkain sa ano mo. Kaya mangilkil, iyong mag-extort kasi survival eh.

Ngayon kung bigyan mo lahat, "Oh, sige ito suporta mo, ito abugado mo, o ito 'yung --- o ano pa’ng kulang mo?" At 'yung lahat ng mga pulis sa Davao, dito rin. Dito ginawa ko rin. Iyong mga asawa may cancer ganoon. Iyong medications sa --- akin 'yan.

Sa Davao akin 'yan. Pero 'pag nagkasakit ka pulis dahil sa inom --- nag-inuman ka doon, naubos ‘yung kidney mo, t*** i**. Bigyan kita ng gin, Ginebra. Isang karton ubusin mo.

We will go to Secretary Andanar.

PCOO SECRETARY JOSE RUPERTO MARTIN ANDANAR: Mahal na Pangulo; Senator Bong Go; Executive Secretary.

Malaki po ang papel ng komunikasyon para sa epektibong pagpapatupad ng ating COVID-19 response. Tulad ng inyo pong "Talk to the People," napakalaking bagay po nito upang mabigyan ang publiko ng tunay na estado at sitwasyon mula noon hanggang ngayon. Tonight, allow me to present what needs to be communicated to the public on the alert level status.

Ngayong Alert Level 1 na po ang karamihan sa bansa simula bukas, March 1, mas paiigtingin natin ang kooperasyon ng gobyerno at mamamayan na naging susi sa unti-unting pagbubukas ng ekonomiya at pagsugpo sa COVID-19.

Kaya po ang mensahe natin ay nakasentro sa ating patuloy na pagtutulungan para tuloy-tuloy po nating makamit ang ating hangarin. Lagi nating ipapaalala na hindi natin makakamit ang Alert Level 1 kung wala ang pag-iingat at pagsunod sa mga minimum public health standards at pagpapabakuna. Mask up, get boosted, good airflow pa rin ay higit nating paiigtingin. Patuloy din po nating palalawigin ang Prevent, Detect, Isolate, Treat, Reintegrate, Vaccination or PDITRV Strategy.

As we embrace the new normal, Mr. President, we have to work together as one nation to achieve our long-term goals. Hindi lang nakasalalay sa gobyerno kundi sa ating pagiging responsableng Pilipino ang pagbangon mula sa pandemya.

Kaya importante po na ngayong Alert Level 1, matutong mag-self-regulate or maging responsable sa sarili lalo na sa pag-iingat. Dapat po alam ng lahat kung ano ang gagawin kung nag-positibo at kung kailan lamang magpapa-test. Dapat alam din na sa FB page at website ng DOH, PCOO, at iba pang ahensiya ng gobyerno malalaman ang mga gagawin lalo na ang home care guide, at ang panghuli, healthy lifestyle.

Ngayong maluwag ang restrictions, kailangan na mas mag-doble kayod po tayo sa pagpaparating sa publiko na importanteng magpabakuna at magpa-booster para sa dagdag na proteksiyon laban sa epekto ng COVID-19.

Huwag din po nating kalimutan ang minimum health standards tulad ng pagma-mask all the time, paghuhugas ng kamay, social distancing, at proper ventilation.

Parte rin po ng mensahe natin ang guidelines sa ilalim ng Alert Level 1: luluwag na po ang mga restrictions sa mga lugar na isasailalim sa Alert Level 1 kaya importanteng maipaalam kung ano ang mga protocol sa public transportation, sa workplace, mga pampublikong lugar at iba pa ngayong may pagluluwag na sa restrictions.

Halimbawa, ang lahat po ng mga opisina ay maaari nang mag-operate ng 100 percent. Kung kaya't ang pampublikong sasakyan ay papayagan na ring mag-operate ng 100 percent. Para mas epektibo po ang ating mensahe, itutuloy po natin ang paggamit ng mga existing communication strategies ng PCOO para sa paghahatid ng impormasyon sa publiko. Ito po ay sa pamamagitan ng ating mas pinalakas na government media tulad ng PTV, PBS Radyo Pilipinas, Philippine News Agency, Philippine Information Agency, PCOO online pages, RTVM, Bureau of Communication Service, at ang IBC.

Magpapatuloy po ang pagtalakay sa Laging Handa Communications Campaign ng PCOO, Laging Handa Public Briefing, Network Briefing News, sa Presidential Spokesperson's Briefing at Virtual Pressers para sa local at international media na katuwang po natin sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon.

Kasama rin po natin sa paghahatid ng impormasyon sa publiko ang ating private media partners tulad ng Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas o KBP at iba pang media na hindi tumigil sa pagbabalita kahit pandemya. Maraming salamat po sa inyo.

Gagawa rin po tayo ng mga advertisements, public service announcements, audio-visual presentation or explainer, documentaries, publication materials, mga social media content tulad ng quote cards at infographics para bigyang linaw ang mga katanungan po tungkol sa Alert Level 1. Hindi lamang po sa traditional media, paiigtingin din po natin ang information dissemination sa digital media at out-of-home advertisements.

Dahil mas maluwag na po, mahalagang magkaroon din ng on ground communication campaign hanggang sa mga barangay gaya ng mga roadshows at town hall meetings. Sasabayan po natin ang pagbabakuna ng mga information campaign.

Babaguhin din po natin ang COVID-19 public reporting at gagawing weekly na. At panghuli, lahat po ng ito ay nakasentro sa ating main message na basta't laging handa at sama-sama, kaya po natin ito.

Lastly, Mr. President, I would like to thank and congratulate you for the groundbreaking of the Visayas Media Hub. After more than four decades, Mr. President, ay sa ilalim po ng inyong pamumuno, nagkaroon po tayo ng Mindanao Media Hub, Visayas Media Hub, at mayroon po tayong itinatayong Government Communication Academy sa mga oras po --- sa mga panahon pong ito, Mr. President. Kaya congratulations po sa inyong Duterte legacy pagdating po naman sa Presidential Communications Operations Office. Mabuhay po kayo.

PRESIDENT DUTERTE: Actually, it's not mine, it's yours and to the --- 'yung nagtatrabaho --- workers in government to made possible itong ganito na mga sitwasyon na you created as a hub.

SEC. ANDANAR: Mr. President, if I may, talagang pinahirapan po kami dito sa Visayas Media Hub. Ito po ay nasa budget po ninyo pero dahil ---

PRESIDENT DUTERTE: You can go public and say what it is.

SEC. ANDANAR: Opo. Sa mga kababayan po natin ay tayo po'y napahirapan sa panukalang magkaroon po ng Visayas Media Hub. After so many decades ay wala ho talaga, hindi nabigyan ng pansin ang ating mga kababayan sa Visayas. At dahil din po sa pagpupursige ng ating mahal na Senador, Senador Bong Go, ay talagang nilaban niya po itong Visayas Media Hub dahil ito po ay priority po ninyo sa inyong projects.

At the same time, Mr. President, ako po'y nagpapasalamat sa inyo sa inyong suporta dahil ito pong panukalang batas na tinatawag nating media workers' welfare bill ay nakapasa na po sa Kongreso at nasa Senado na po. This is for the first time in history dahil po priority po ninyo ito mga --- Mr. President, ang protektahan ang ating mga kasamahan sa media ay mayroon po tayong posibleng maging batas na media workers' welfare bill. Ito po ay on top of, 'you know, your Administrative Order No. 1, Mr. President, the Presidential Task Force on Media Security. Kayo po iyon, Mr. President.

It is the only task force in the world na para protektahan ang media pati po 'yung inyong landmark Executive Order No. 2 na Freedom of Information. After more than 37 years, si Senador Raul Roco pa po ang nag --- nakipaglaban sa Kongreso noong 1987 dahil hirap pong maging batas, eh kayo po with just one sign ay naging executive order.

At naalala ko po na kami po ni Executive Secretary Bingbong Medialdea ay --- ay pinaghirapan po na talagang nagdildil po kami ng asin, we burnt the midnight oil para po maging Executive Order No. 2. Once again, Mr. President, maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Let me respond just by saying that we only work what is really to the best interest of our country. Dito lahat wala tayong ibang pag-usapan, we cannot talk about things that are extraneous or not related or even there was --- 'yung how to commit a wrong.

Dito sa ating trabaho, it's only what is good for the country, what is to the best interest of the Republic of the Philippines. Hanggang diyan lang tayo. We cannot go out of that parameter. Ang sunod si ano, si FDA, si --- saan ba 'yun --- Gutierrez. Deputy Director Osca --- Oca Gutierrez, ano ang FDA…?

FDA OFFICER-IN-CHARGE DIRECTOR GENERAL OSCAR GUTIERREZ: Yes po. Magandang --- magandang gabi po, mahal na Presidente. Magbibigay po ako ng updates ito po 'yung tungkol sa mga COVID-19 drugs natin. Mayroon po tayong emergency use authorization na na-issue para sa ating Ronapreve at saka Molnupiravir. Ito po 'yang Molnupiravir na 'yan --- although mayroong emergency use authorization, nakapag-issue po tayo ng mga 210 na compassionate special permit na na-issue po natin ito ng within 24 hours upon request.

At ito pong Paxlovid po kinontak po namin ngayong araw dahil kulang po sila ng dokumento, magsu-submit daw po sila bukas para patuloy po ang evaluation. [next] Ganoon pa din po, mayroon tayong CPR ng Remdesivir. Ito naman pong Bexovid saka Paxlovid, ang na-issue po natin na compassionate special permit simula noong January ay mga 113 po. Ito po na-issue po din natin within 24 hours upon request.

At gusto ko rin pong sabihin na mayroon po tayo talagang mga gamot na hindi naman po para sa --- na antiviral pero ginagamit po ito ng mga hospital para ma-manage po ang mga cases sa hospital. Ito po kagaya ng Tocilizumab, Baricitinib, Dexamethasone, at 'yung mga blood thinners po tulad ng Heparin.

Ito po naman, mga 240 po na drug emergency use permit po ang na-issue ng FDA. [Iyong next slide naman po.] Dito po kung matatandaan niyo po, mahal na Presidente, gumawa po kayo ng directive na we should lessen dependence on imported vaccine and capacitate the development of our own vaccines in the country kaya po nabuo po 'yung Vaccine Self-Reliance Program.

Para sa isang bansa po na nagpo-produce po ng locally-produced vaccine importante po ayon sa WHO na anim po ang Critical Control Functions na dapat niyang gampanan. Iyong "A published set of requirements for Licensing, ito po 'yung CPR natin; Surveillance of Vaccine Field Performance, ito po 'yung post-market surveillance; System of Lot Release, ito po 'yung 'pag humihingi po tayo ngayon ng certificate of analysis ng mga vaccine; Use of Laboratory; tapos 'yung Regular GMP inspection; at Evaluation po ng mga clinical trials.

Dito po sa anim na ito, isa po diyan ang wala pa po tayo sa FDA. Ito pa 'yung use of vaccine and biological laboratory. Kung makikita niyo po noong March 9 --- noong May 19 po 2021, nag-issue po ng Joint Memorandum Circular, pinirmahan po 'yan ng mga iba't ibang ahensiya. Nakalagay po diyan na kapag po nakapag-produce tayo ng bakuna, ipapadala pa po natin sa Australia or Indonesia or other countries with stringent regulatory agency.

Pero [next slide po] ang totoo po niyan noong March 19, 2021, na-apruba --- na-approve po ‘yung project plan para mag-construct po ng vaccine and biological laboratory ang FDA at ito ay isang proyekto. Kung makikita niyo po ang objective po nito is to ensure the quality of the products and to verify that the test results submitted by the companies are within the parameters.

Dito po sa picture makikita niyo po na-existing na po ‘yung building. Ito po ‘yung dating Experimental Animal House po ng FDA na nakakapag-test naman po ng mga vaccines --- I mean the products pero very limited, pero ire-retrofit po natin ito para makapaggawa po tayo ng vaccine and biological laboratory, magpo-procure po ng lab equipment, at magte-train po tayo ng mga lab analysts, at kung paano po ima-manage ang laboratory na ito.

Nandito na po tayo sa --- naibigay na po namin ‘yung approved design at nakapag-request na po kami sa DBM for the release of the funds of 129 million. ‘Pag nailipat po ito sa DPWH po, magpapatuloy po ‘yung procurement of construction works. Iyon nga lang po, mukhang aabutan sila ng election ban mula 25 of March hanggang May 8 nitong taon.

Ang WHO po ang tumulong sa atin para po makumpleto po ‘yung laboratory facility design. At habang po --- habang kino-construct po ng DPWH ‘yung build --- ‘yung building, ‘yung retrofitting, tutulungan po tayo ng WHO sa pag-manage para masiguro po na itong ating laboratory ay angkop po at it will meet international standards.

[Next slide po.]

Ito naman po ay pinapakita ko po dito na ‘yung draft guidelines po on e-pharmacies ay naka-post na po sa FDA website for public comments. Ito po ‘yung Guidelines on the Issuance of LTO for Drug Establishments Engaged in E-Pharmacy. So ‘yung atin pong mga mamamayan as --- mapoproteksiyunan po natin kung sila ay bibili po ng mga non-prescription drug or ‘yung mga OTC drug online.

So ang some key features po ng itong guideline na ito for comments are the following: it will cover licensing of establishment that will engage in online retailing of non-prescription drugs.

Iyong mga drug outlets po na mayroon pong physical store, puwede pong mag-apply ng e-pharmacy as an additional activity. Iyon naman pong gustong magtayo ng purely e-pharmacy, puwede rin po provided po mayroon silang physical office and warehouse.

Importante rin po sa dalawang establishment na ito na mabibigyan ng LTO that it will be --- that they will be supervised by a registered pharmacist whenever it is open for service. Importante rin po na ma-inspect po ito ng FDA bago po mabigyan ng lisensiya for good distribution practice and good storage practices. Importante rin po ang online services at --- or website nila ay hosted po in the Philippine domain.

Maraming salamat po, mahal na Pangulo. Magandang gabi po.

PRESIDENT DUTERTE: Alam mo itong --- itong online, there can be a lot of problems that would sprout overnight dito, from the fake to outright scam, you have to educate the public. And

as much as possible, give the wildest publicity doon sa mga magamit nila sa online ‘yung mga accredited na parang --- accredited botika. Hindi naman puwede basta-basta lang.

As much as possible, I will ask --- I’m asking Secretary Andanar now to give you a time slot to educate the public on how to use the online, itong buying of medicines and you have to emphasize to them that ito lang ang mga accredited, do not go beyond the list that you see now.

At saka huwag mo akong tawagin na mahal na --- sabi ko cut the “mahal na Presidente.” Hindi naman kita mahal. Bakit mo ako mahalin? [laughter] Mayor lang, I’ve always been stressing the point, Mayor lang.

FDA OIC DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: Opo, Mayor.

PRESIDENT DUTERTE: Do not address me by any title, except Mayor. Huwag na ‘yung Presidente kasi paalis na tayo, Mayor.

FDA OIC DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: Salamat. Salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Tapos kasi ‘yung “mahal na Presidente”, eh kung hindi ako sa gobyerno hindi kita nakilala tapos mahalin mo ako. [laughter]

FDA OIC DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: Magkapitbahay po tayo eh, taga-Juna rin po ako eh.

PRESIDENT DUTERTE: Oo pero I cannot love you so do not love me.

FDA OIC DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: Opo, opo. Salamat, Mayor.

PRESIDENT DUTERTE: Okay, thank you. Salamat for accepting my suggestion. Iba kasi ang dating niyang ano sa Tagalog pati sa Bisaya. Sa Bisaya is “hinigugma kong Presidente", nakakatayo ng balahibo ‘yan. [laughter] Sa Tagalog, it’s “mahal na ano”. Huwag mo akong mahalin kay hindi kita mahal.

So we would have the last... Si General Manager Romando Artes of the MMDA.

MMDA GENERAL MANAGER ROMANDO ARTES: Good evening po, Mr. President; kay Senator Bong Go; kay ES Medialdea; at sa Cabinet secretaries po na nandito ngayon, magandang gabi po.

Ang akin pong ulat ay tungkol po sa paghahanda ng Metro Manila mayors at ng MMDA sa pag-i-implement po ng Alert Level 1 sa NCR.

Two weeks ago, Mr. President, ang Metro Manila mayors ay humiling po sa inyo at sa IATF na i-extend hanggang February 28, 2022 ang Alert Level 2 sa NCR. Ito po ay para pagpreparahan and de-escalation ng NCR to Alert Level 1 starting March 1, 2022. At ito po ay para rin po i-

monitor, Mr. President, ‘yung epekto po or posibleng pagtaas ng kaso dala po ng malakihang mga rallies at motorcades sa pagsisimula po ng campaign period.

After two weeks po, nakita naman po ng Metro Manila mayors ang --- na wala naman pong epekto sa pagtaas ng kaso sa --- ng COVID-19 ang mga rallies na ito at patuloy pong bumaba ‘yung kaso ng COVID-19 sa NCR. Kaya po nagpasa po sila ng MMC Resolution 22-06 na humihiling na po na i-de-escalate ang NCR sa Alert Level 1 starting March 1, 2022.

[Next slide, please.]

Ito rin po ay base sa pagpasa or pag-qualify ng NCR ayon sa bagong metrics para sa Alert Level 1 dahil 17 po na LGUs or lahat ng LGUs sa Metro Manila ay na-classify na po, Mr. President, as low risk, 101 percent ng target population po ng NCR ay bakunado na at gayon din po ang A2 or ating senior citizens ay 88 percent vaccinated na po sa Kalakhang Maynila.

[Next slide, please.]

Matapos pong maianunsiyo, Mr. President, na ang NCR ay isasailalim na sa Alert Level 1 starting March 1, agad po nating pinulong ang Metro Manila Council kasama po sila Sec. Vince Dizon, si Sec. Charlie, si Sec. Ed Año, at si Sec. Mon Lopez, kasama rin po ang mga kawani ng DOH at dito po ipinaalam natin sa mga Metro Manila mayors ang bago pong guidelines or protocols na ipatutupad po under Alert Level 1.

Mayroon pong mga katanungan ang mga Metro Manila mayors at mayroon din po silang issues of concerns na ni-raise during sa meeting na ito na agad naman pong nasagot at natugunan ng ating mga Cabinet secretaries. At dahil po diyan, inihayag po ng Metro Manila mayors ang kanilang kahandaan na i-implement po ‘yung mga bagong protocols at guidelines para po sa Alert Level 1.

At nag-agree din po kami na this week po, probably Sunday, magmi-meet po uli kami upon suggestion po ni Sec. Ed Año na magbigay po ng feedback or assessment ang Metro Manila mayors para po magkaroon tayo ng adjustment sa mga protocols at policies para po mai-implement nang mas maayos ang Alert Level 1 system po natin.

Alam naman po natin at ipinapakita po ng performance ng mga Metro Manila mayors na efficient po sila sa pagi-implement ng mga bagong policies dahil kalimitan po ito ay pinilot (pilot) test po sa NCR.

[Next slide, please.]

In fact, Mr. President, ipapakita ko lang po, ito po ay compilation ng data na ginawa ng Taguig City sa pangunguna ni Mayor Lino Cayetano. Ipinapakita po dito ang iba’t ibang datos na kinukumpara ang NCR sa iba’t ibang cities po sa buong mundo na --- at dito po ipinapakita na maganda po ang ating resulta dahil mayroon lamang pong 105 deaths sa NCR per 100,000 population. Ito po ay mas maganda kaysa sa New York City na mayroong 451 deaths; sa LA po 698 deaths; sa London 182; sa Madrid, 398; at sa Moscow po 305 deaths per 100,000 population.

[Next slide, please.]

Bilang paghahanda din po sa implementation ng Alert Level 1 sa NCR, tayo po ay nakipagpulong sa mga mall operators, sa business sector, at sa restaurant operators at ganoon din po sa transport sector, particularly po ‘yung ating city bus operators. In-inform din po natin sila sa bagong guidelines ng Alert Level 1.

At sila po, mahal na Pangulo --- ay sorry po, Mr. President --- ay nagpapasalamat sa pag-allow po under Alert Level 1 na mabuksan ang kanilang negosyo ng 100 percent. Sila po ay umaasa, Mr. President, na ito po ay magbibigay sa kanila ng pag-asa na makabangon ang kanilang negosyo mula sa pagkakalugmok dala ng COVID-19 virus or ng pandemya.

[Next slide.]

Panghuli na lamang po, mahal na Pangulo, bilang paghahanda po sa pagdami na po ng sasakyan dala po ng pagbubukas po ng ating industriya at mga sektor, mineeting (meeting) po natin ang ating mga sector heads ng traffic enforcers para po paghandaan ‘yung pagbigat po ng daloy ng traffic. Pinaalalahanan po natin sila na ang kanilang pangunahing duty ay ang traffic management kung saan ang pagpapabilis po ng daloy ng traffic at hindi po panghuhuli ng violators ang kanilang pangunahing trabaho.

At binilinan din po natin sila na ang maximum visibility sa kalsada at i-minimize po ‘yung actual apprehension ng mga minor offense at i-report na lamang po sa Metro Base ang mga minor violations na ito para po ang citation tickets, Mr. President, ay i-issue na lang po natin through no contact apprehension.

Iyon lamang po, mahal na Pang --- ah Mr. President --- ang report namin sa MMDA. Magandang gabi po sa inyo.

PRESIDENT DUTERTE: Basta ako si Rody. Bahala na kung sino ‘yung mahal mo diyan. [laughter] Iyong… Let me just --- we’ll be through mga three minutes.

You know, everyday thousands of cars are sold but it is not surprising to see that there’s only a few maybe hundreds of motor vehicles that are retired because of dilapidated condition or whatever, kakaunti lang ang lumalabas. So everyday it is really --- it would depend on the economy again but whatever improvement, expansion or everything, exponential ‘yan on a lower… So ‘yan ang problema ng Maynila.

Iyong estudyante pa kami, mga probinsiyano kami eh, ‘yan si Bingbong, ako, sa Davao kami, nag-aral kami dito and I used to have a --- binigyan rin ako ng sakyanan ng --- it was a Volkswagen. Nakita ‘yung panahon ko noon ano na, ‘yang going dito sa YMCA just beside the Manila City Hall, ‘yung SM ngayon, ‘yan ang dormitory ng YMCA. There were about 300 of us, one, two, three, four floors. Makita kami maglabas kami lahat sa umaga. Iyong iba nakakotse, ‘yung iba naglalakad.

Over the years kung matingnan mo, the population is also going up. ‘Pag hindi ito naano, the next administration should also concentrate on building more elevated para maano to --- for us to move, just to move around not really on time, always late, but at least that we’re able to move and be productive for that day kasi kung hindi ka makagalaw, some people might just opt to you know hold office ‘yang ganoon, but it is not really as good as, you know, itong face-to-face kagaya rin ng eskuwelahan na ganito.

Although you can use the technology, but itong part sa generation ko would always opt to --- the use of technology maybe would be about three more elections and you would have a perfect synchronization of --- you can really hold office and do everything inside the confines of your home. That’s a problem. You’ll be there maybe, maybe not, but you have to take into consideration that hundreds of cars are sold everyday.

So the motor vehicles that are not --- are retired or taken out of the streets is just a miniscule. Iyon lang ang maibigay ko rin na suggestion sa inyo. Those kayong mga technocrats or whatever is your expertise who would remain in government.

Kami most of us kami dito, except for Karlo Nograles and Vince Dizon, good for retirement na kami. We might hold office pa on a… Ako I’d be interested to pass on to the next generation kung ano ‘yung mabuti nagawa namin para sa Davao, kopyahin na lang. I can pass it on to sa next gen, ito ang gawin ninyo. I could trying to ano --- if I could go --- I’ll teach hindi na sa law, mga subjects sa AB, mas malawak eh.

Now, ngayon ‘yung ganito and we have a --- kagaya ngayon we have a problem, we have to tell the younger generations of what’s --- what is at stake. Remember, it could also affect them if somebody --- something goes wrong, if somebody goes crazy. It behooves upon now, us, to do everything and tama ‘yun. Our plea in the plenary would really be to join the call for restraint and to de-escalate the violence there. So that’s…

Mga kababayan ko, hindi na ako maka-pronounce ng word, nagkabali-bali na ‘yung dila ko dahil siguro antok --- matanda na eh. That will be --- tomorrow, there will be --- I will be calling for a special meeting. We will discuss about what is evolving or what’s happening in Europe. Gusto kong makinig kayo kung gaano kaimportante na malaman natin ang lahat itong nangyayari ngayon. Eh medyo may pagka…

Well, I’ll be meeting the police, the military, and the itong lahat ng ano mga negosyante para maintindihan ninyo. But at the end of the day, siguro si --- I am designating Secretary Nograles to be the sole spokesman sa anong mangyari because it will be a combination of the military, the police, and the civilian plus the Cabinet. Not all --- maybe not all of them but everybody is invited, all, ‘yung lahat na.

The invitation is for all so that we can have an exchange of ideas between the military and police on one hand, and tayong mga negosyante so that we can come up with a sensible front of how to handle this thing.

Mga kaibigan, importante ‘yan bukas so bantayan lang ninyo ‘yung produkto namin ah kasi hindi pa masyado ninyo ano ito nakuha, sort of you have not yet had a good grasp ‘yung ano ang sitwasyon.

Maraming salamat po. [applause]

--- END ---